Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA PAARALANG ELEMENTARYA NG PAGSAWITAN NOONG IKA 5 NG ABRIL, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo D. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magualas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Ponce ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Linjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO.

KGG. HEIDI S. CIRIACO ........... PANG. PUNONG BAYAN
on leave

## KAPASIYAHAN BLG. 120-T'2000

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 25-T'2000/ KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 03-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PATIMBAO NA NAGSUSUSOG NG HALAGANG ISANG DAAN TATLUMPU'T APAT NA LIBO WALONG DAAN SIYAMNAPU'T PITONG PISO AT LIMAMPU'T ISANG SENTIMOS (P134,897.51) BILANG SURPLUS SA 20% PONDONG PANGKAUNLARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY UPANG ILAAN SA MGA PROYEKTONG PANGKAUNLARAN NA KINABIBILANGAN NG INPRAESTRAKTURA (P46,000.00), KALINISAN AT KALUSUGAN (P42,926.00), KATAHIMIKAN AT KAAYUSAN (P38,971.51) AT PANG-KAUNLARAN (P7,000.00) PARA SA TAONG 2000.

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 25 T'2000/Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 3-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Patimbao na naglalayong susugan ang kabuuang halagang P134,897.51 mula sa 20% pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay upang ilaan sa mga programa at proyektong nakasaad sa itaas nito para sa taong 2000:

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Bernardo E. Ison, Angelito U. Linjuco at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 25-T'2000/Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 3-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Patimbao na nagsususog ng kabuuang halagang P134,897.51 na surplus sa 20% pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay upang ilaan sa mga proyektong pang-kaunlaran na kinabibilangan ng Inpraestraktura (P46,000.00), Kalinisan at Kalusugan (P42,926.00), Katahimikan at Kaayusan (P38,971.51) at Pangkaunlaran (P7,000.00) para sa taong 2000.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagasuri, Pambayang Manananggol at Sangguniang Barangay ng Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

(Karugtong ng Kap. Blg. 120-T'2000)



PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan